

Impormasyon Para sa Pasyente

Ang pahina na ito ay may mga sagot sa mga itinatangong ng maraming pasyente tungkol sa marrow at blood stem cell transplants.

Tungkol sa Blood Stem Cell Transplants

- [Ano ang mga blood stem cells?](#)
- [Saan nanggagaling ang mga blood stem cells?](#)
- [Gumagamit ba ang National Marrow Donor Program \(NMDP\) ng mga stem cells na kinuha mula sa mga embryos \(bilíg\) o fetuses \(sanggol na nasa bahay-bata pa\)?](#)
- [Ano ang blood stem cell transplant \(bone marrow transplant\)?](#)
- [Ano ang mga hakbang sa isang blood stem cell transplant?](#)
- [Gaano ako katagal dapat ma-ospital?](#)
- [Mayroon bang iba't-ibang uri ng mga blood stem cell transplants?](#)
- [Sino ang nangangailangan ng blood stem cell transplant?](#)
- [Ano ang cord blood transplant?](#)
- [Ano ang non-myeloablative transplant?](#)

Magpasiya Kung Magpapa-Blood Stem Cell Transplant

- [Paano ako magpapasiya kung tama para sa akin ang isang transplant?](#)
- [Ilan na ang nagawang mga blood stem cell transplants at gaano kahusay gumagana ang mga ito?](#)
- [Maari ba akong makakuha ng sakit mula sa aking donor?](#)
- [Saan ako pupunta upang makakuha ng stem cell transplant?](#)
- [Magkano ang isang transplant?](#)

Maghanap ng Isang Stem Cell Donor

- [Paano ako hahanap ng isang katugmang donor?](#)
- [Dapat ko bang ipa-test ang mga miyembro ng aking kapamilya at mga kaibigan?](#)
- [Kanino ako makikipag-alam upang malaman kung ano na ang nangyayari sa aking paghanap ng donor?](#)
- [Makikilala ko ba ang aking donor kahit kailanman?](#)

Humingi ng Tulong

- [Paano makakatulong sa akin ang Office of Patient Advocacy ng NMDP?](#)

Tungkol sa Blood Stem Cell Transplants

Q: Ano ang mga blood stem cells?

A: Ang mga blood stem cells ay isang uri ng stem cells. Ang stem cells ay kahit ano sa mga sélulá sa inyong katawan na nagiging ibang mga uri ng sélulá. Ang mga blood stem cells ay nagiging pulang sélulá ng dugo, puting sélulá ng dugo at platelets. Ang bawat isa sa mga séluláng ito ay mahalaga para sa inyong katawan. Ang mga pulang sélulá ng dugo ang nagdadala ng oxygen sa lahat ng bahagi ng inyong katawan. Ang puting sélulá ng dugo ay tumutulong labanan ang impeksiyon, at ang mga platelets ay tumutulong na kontrolahin ang pagdurugo. Ang isang malusog na katawan ay gumagawa ng mga bagong blood stem cells. Hindi kayo mabubuhay nang matagal nang walang malusog na mga blood stem cells.

Q: Saan nanggagaling ang mga blood stem cells?

A: Ang mga sélulá na ginagamit sa blood stem cell transplants ay maaring manggaling sa tatlong lugar:

- Ang bone marrow ay gumagawa ng mga blood stem cells para sa katawan. Ang bone marrow ay parang espongha na himaymay (tissue) na nakikita sa malalaking mga buto. Sa isang operasyon, tinatanggal ng mga doktor ang bone marrow mula sa buto ng balakang ng isang donor, gamit ang mga walang mikrobyong karayom at mga siringilla. Pinapalitan ng katawan ng donor ang binigay-donasyon na bone marrow sa loob ng apat hanggang anim na linggo.
- Ang mga peripheral blood stem cells (PBSC) ay mga stem cells na nakikita sa bloodstream. Karaniwan ay naglalabas lamang ng kaunting mga stem cells sa bloodstream ang bone marrow. Upang paramihin ang bilang ng mga sélulá, iniiniksyunan ang donor. Kinukuha ang mga stem cells sa dugo, sa isang proseso na tinatawag na apheresis. Sa apheresis, pinapasok ang isang karayom sa ugat ng donor, kadalasan sa kanyang braso. Ang dugo ng donor ay nagdadaan sa isang makina na nagtatanggal ng mga stem cells mula sa dugo ng donor. Ang natitirang dugo ay binabalik sa donor. Pinapalitan ng katawan ng donor ang binigay-donasyon na stem cells sa loob ng dalawa hanggang tatlong linggo.
- Ang umbilical cord blood ay kinukuha sa umbilical cord at placenta pagkatapos ipanganak ang isang bata. Ang dugo na ito ay naglalaman ng maraming blood stem cells. Ang binigay-donasyon na cord blood ay sinasaksak sa freezer at tinatago sa isang cord blood bank upang magamit sa kinabukasan.

Q: Gumagamit ba ang National Marrow Donor Program (NMDP) ng mga stem cells na kinuha mula sa embryos (bilíg) o fetuses (sanggol na nasa bahay-bata pa)?

A: Hindi. Gumagamit lamang ng adult stem cells ang NMDP para sa transplant. Ang mga stem cells mula sa mga umbilical cords ay tinuturing na mga adult stem cells. Ito ay dahil ang mga sanggol ay ipinanganak sa ika-siyam na buwan (full-term) at nagdebelop na

lampas ng embryonic stage.

Q: Ano ang blood stem cell transplant (bone marrow transplant)?

A: Ang blood stem cell transplant ay isang karaniwang pagpapagamot para sa maraming pasyente na may nakakamatay na diperensiya sa dugo, immune system, o genetic disorders. Sa transplant na ganito, pinapalitan ang inyong hindi malusog na blood stem cells ng mga malulusog na blood stem cells.

Q: Ano ang mga hakbang sa isang blood stem cell transplant?

A:

- Ang paghanda: Upang maghanda para sa isang transplant, kayo ay magke-chemotherapy, radiation therapy o halo nitong dalawa. Ito ay kadalasang ibinibigay ng ilang araw. Ginagawa ito upang patayin ang inyong mga hindi malusog na sélulá.
- Transplant: Ang mga malusog na stem cells ay ipinapasok sa inyong ugat. Ito ay parang transfusion (pagsasalin) ng dugo.
- Paggaling: Ang mga inilipat na sélulá ay nagsisimulang lumaki at ginagawa nito ang mga pulang sélulá ng dugo, puting sélulá ng dugo, at platelets na kinakailangan ng inyong katawan. Ito ay tinatawag na engraftment, at kadalasan ito nagtatagal ng tatlo hanggang apat na linggo.

Q: Gaano ako katagal dapat ma-ospital?

A: Mananatili kayo sa ospital hanggang sinabi ng doktor ninyo na maari na kayong umuwi. Maaring magtagal kayo sa ospital nang ilang linggo. Ngunit depende ito sa transplant center (lugar kung saan kayo nagpa-transplant) at sa inyong kondisyon bago, habang, at pagkatapos ng transplant. Tanungin ang inyong doktor kung kailan kayo maaring makauwi o lumipat sa hotel malapit sa transplant center. Patuloy kayong pagmamasdan ng inyong pangkat ng transplant hanggang sa palagay nila ay makakauwi na kayo at regular na doktor.

Q: Mayroon bang iba't-ibang uri ng mga blood stem cell transplants?

A: May dalawang mahalagang uri ng blood stem cell transplants. Maaring gumamit ang transplant ng stem cells mula sa isang donor o mula sa inyo:

- **Ang mga autologous transplant** ay gumagamit ng mga blood stem cells na kinukuha mula sa inyong marrow o dugo. Pagkatapos ay inilalagay ito sa freezer. Binibigyan kayo ng chemotherapy, radiation therapy, o halo nitong dalawa. Pagkatapos ay binabalik sa inyo ang inyong stem cells sa pamamagitan ng isang ugat. Ang pagpili ng autologous transplant para sa inyo ay depende sa inyong sakit at iba pang mga paktora. Maaring gamitin ang mga autologous transplants upang gamutin ang mga pasyente na may mga sakit gaya ng Hodgkin's disease, non-Hodgkin's lymphoma, multiple myeloma at ilang mga buong tumor.
- **Ang mga Allogeneic transplants** ay gumagamit ng mga blood stem cells mula sa

isang katugmang donor. Ang donor ay maaring kamag-anak ninyo o hindi. Ang mga kamag-anak na donor ay karaniwang isang kapatid na lalake o babae. Kung hindi kayo makahanap ng isang katugmang kamag-anak, maaring humanap ang inyong doktor ng katugma sa Talaan ng National Marrow Donor Program. Ang Talaan ay may listahan ng higit pa sa limang milyong posibleng mga donor at higit pa sa 28,000 umbilical cord blood units.

(Tingnan ang *Paano ako hahanap ng katugmang donor?* sa ibaba upang malaman kung paano pinagtutugma ang mga donor sa mga pasyente.)

Q: Sino ang nangangailangan ng blood stem cell transplant?

A: Bawat taon, higit pa sa 30,000 mga tao ang nadadayagnos ng nakakamatay na mga sakit. Maari silang gamutin gamit ang isang marrow o blood stem cell transplant. Mga 75% ng mga pasyente na tumanggap ng transplant sa pamamagitan ng National Marrow Donor Program (NMDP) ay may isang uri ng leukemia, kasama ang:

- Acute lymphocytic leukemia (ALL)
- Acute myelogenous leukemia (AML)
- Chronic myelogenous leukemia (CML)

Maaring opsyon din ang transplant kung kayo ay may:

- Isang minanang immune system disorder o iba pang immune system disorder na naroroon na sa kapanganakan.
- Severe aplastic anemia
- Hodgkin's disease
- Myelodysplastic syndromes
- Non-Hodgkin's lymphoma

Q: Ano ang cord blood transplant?

A: Ang cord blood transplant ay gumagamit ng mga blood stem cells na kinukuha mula sa dugo sa umbilical cord ng isang bagong panganak. Ang dugo sa umbilical cord at placenta ay may maraming mga blood stem cells. Ang dugo mula sa cord ay kinukuha mula sa umbilical cord at placenta pagkatapos ipanganak ang isang sanggol. Ang binigay-donasyon na dugo mula sa cord ay nilalagay sa freezer at tinatago sa isang cord blood bank upang magamit sa kinabukasan. Ang tinagong dugo mula sa cord ay tinatawag na cord blood unit. Naghahanap ng mga donor at mga cord blood units ang mga doktor sa Talaan ng NMDP upang humanap ng katugma para sa kanilang mga pasyente na nangangailangan ng transplant.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa cord blood transplant para sa inyong sarili, pag-usapan ninyo ito ng inyong doktor. Maraming titingnan na mga paktora ang inyong doktor upang magpasiya kung magandang opsyon ang cord blood transplant para sa inyo.

Q: Ano ang non-myeloablative transplant?

A: Ang ginagamit na paggamot ng mga non-myeloablative transplants upang maghanda para sa transplant ay hindi matindi gaya ng ginagamit para sa mga karaniwang transplants. Ang mga ito ay tinatawag ding reduced intensity transplants o mga mini-transplants.

Sa isang karaniwang transplant, ang mga pasyente ay hinahanda para sa transplant gamit ang malakas na malakas na chemotherapy, radiation therapy o halo nitong dalawa. Pinapatay ng paggamot na ito ang mga hindi malusog na sélulá, gaya ng mga kanser na sélulá. Napakahirap din nito sa katawan. Dahil dito, hindi opsyon ang mga karaniwang transplant para sa ilang pasyente. Ang karaniwang transplants ay hindi maaari para sa matatandang pasyente at ilang pasyenteng may mga medikal na problema.

Ang mga non-myeloablative transplants ay maaring opsyon para sa mga pasyente na hindi maaring magkaroon ng karaniwang transplant. Ang mga non-myeloablative transplants ay gumagamit ng hindi gaano katinding paggamot bago isagawa ang transplant upang patayin ang ilan sa mga hindi malusog na sélulá. Ang immune system na pinalaki ng inilipat na stem cells ay maaring makapatay sa natitirang mga hindi malusog na sélulá. Ang mga non-myeloablative transplants ay medyo bago pang paggamot. Ayon sa mga resultang nakukuha sa ngayon, ito ay isang mahusay na paggamot para sa ilang pasyente. Matatagalan pa bago malaman kung ang mga pasyente na ito ay mananatiling malusog ng ilang taon.

Magpasiya Kung Magpapa-Blood Stem Cell Transplant

Q: Paano ako magpasiya kung tama para sa akin ang isang transplant?

A: Mahalagang pag-isipan ang mga panganib at mga benepisyo ng isang transplant. Maaring sagutin ng isang transplant na doktor ang inyong mga tanong, at maari siyang makatulong sa inyo na magpasiya kung magandang opsyon ang isang transplant.

May mga malubhang panganib ang blood stem cell transplant. May ilang pasyenteng nagdudusa sa mga nakakamatay na problema bilang resulta ng kanilang transplant. Maaring kabilang sa mga problemang ito ang malubhang mga impeksiyon at graft-versus-host disease (GVHD). Ang GVHD ay isang sakit kung saan umaatake sa katawan ng pasyente ang inilipat na stem cells.

Ngunit maari ding ang transplant ay ang inyong pinakamagandang pag-asa para magamot o para magkaroon ng mas mahabang buhay. Kailangan ninyo, ng inyong doktor, at ng inyong pamilya pag-isipan ang maraming bagay, tulad ng:

- Gaano kalalà ang inyong sakit
- Ang inyong edad
- Ang inyong pangkalahatang kalusugan
- Ang ibang mga opsyon para sa paggamot

Q: Ilan na ang nagawang mga blood stem cell transplants at gaano kahusay gumagana ang mga ito?

A: Mula 1987, higit pa sa 15,000 na mga pasyente ang natulungan ng NMDP na makakuha ng hindi kamag-anak na mga transplant gamit ang hindi kamag-anak na mga donor. Libu-libo pa ang nabigyan ng transplant gamit ang kanilang sariling blood stem cells o ang blood stem cells mula sa kamag-anak na donor. Ang mga posibilidad na gagana ang transplant ay iba-iba para sa bawat pasyente. Ang kahusayan ng paggana ng transplant ay depende sa iba't-ibang mga bagay, tulad ng:

- Sakit na ginagamot
- Gaano na kalalà ang sakit
- Ang edad at pangkalahatang kalusugan ng pasyente
- Gaano kahusay ang pagkatugma ng donor sa pasyente

Maari ding maging mahalaga ang ibang mga bagay. Mangyaring kausapin ninyo ang inyong doktor tungkol sa inyong sitwasyon.

Q: Maari ba akong makakuha ng sakit mula sa aking donor?

A: Ang mga blood stem cell donors at cord blood units ay maingat na inii-screen (pinipili) at sinusuri. Ang mga pagsusuri na ito ay ginagawa upang bawasan ang panganib na maipasa ng donor ang isang sakit sa transplant na pasyente. Bago sila aprubahan na magbigay-donasyon, ang mga donor ay:

- Sinusuri para sa mga nakakahawang sakit, gaya ng AIDS at hepatitis.
- Sumasagot ng mga tanong tungkol sa kanilang kasaysayan ng kalusugan. Nakakatulong ito sa mga doktor na humanap ng mga panganib na ang mga donor ay may nakakahawa o namamana na sakit.
- Sinusuri ng mga doktor para sa anumang palatandaan ng sakit.

Nalalaman ng NMDP ang pinakabagong medikal na impormasyon. Minsan ay nababahala ang mga tao sa mga bago o bihirang sakit tulad ng West Nile virus o severe acute respiratory syndrome (SARS). Kapag nangyayari ito, ginagamit ng NMDP ang mga magagamit na mga paraan upang hanapin ang mga sakit na ito. Kung may mga palatandaan ng sakit ang isang donor, sa ilang kaso, hindi siya papayagan na magbigay-donasyon. Sa ibang kaso naman, kung saan tinuturing na kaunti lamang ang panganib para sa pasyente, maaring nasa pagpasiya na ng transplant na doktor at ng pasyente kung gagamitin ang donor o hindi.

Ang mga donasyon na blood stem cell ay maingat na inii-screen, gaya rin ng mga donasyon ng buong dugo. Ngunit hindi pa rin maaring magarantiya na ang donasyon na buong dugo ay 100% libre mula sa mga nakakahawang sakit. Gayun din, hindi maaring tanggalin nang husto ang panganib na ang donasyon na blood stem cells ay nagdadala ng sakit.

Q: Saan ako pupunta upang makakuha ng stem cell transplant?

A: Ang mga ospital na gumagawa ng mga stem cell transplants ay tinatawag na transplant centers. Maraming mga transplant centers sa Estados Unidos at sa buong mundo. Eto ang ilang mga maitatanong upang mahanap ninyo ang tamang transplant center:

- Ang inyo bang plano ng kalusugan ay may mga patakaran tungkol sa kung aling mga transplant center ang sinasaklaw? Makipag-alam sa inyong plano ng seguro upang malaman kung ano ang sinasaklaw ng inyong seguro.
- Nirekomenda ba ng inyong doktor ang isang transplant center para sa inyo?
- Gumagawa ba ang transplant center ng hindi kamag-anak na allogeneic donor transplants? May mga sentro na gumagawa lamang ng mga kamag-anak na donor o autologous transplants.
- Nakagawa na ba ang transplant center ng mga transplants para sa maraming pasyente na may parehong sakit gaya ninyo?
- Nag-alaga na ba ang transplant center ng maraming pasyente na kasing tanda ninyo o nasa grupo ng edad ninyo? May mga sentro na karamihan ay gumagamot lamang sa mga may edad na o sa mga bata.

Maraming mga transplant centers na gumagawa ng hindi kamag-anak na donor transplants na nakikipagtrabaho din sa National Marrow Donor Program (NMDP).

Q. Magkano ang isang transplant?

A. Mahal ang isang hindi kamag-anak na donor stem cell transplant. Maraming mga plano ng seguro na sumasaklaw ng kahit bahagi man lamang ng gastos. Ngunit hindi nila lagi sinasaklaw ang gastos para sa paghanap ng donor. Sa Estados Unidos, maari din ninyo i-tsek ang mga programang estado at pederal, tulad ng Medicaid at Medicare, upang malaman kung kwalipikado kayo para sa mga benepisyo sa kalusugan ng gobyerno na ito. Ang kakayahan nilang bayaran ang inyong transplant ay kadalasan depende sa estado o teritoryo kung saan kayo nakatira, at pati na sa inyong sakit. Upang maintindihan ang inyong plano ng kalusugan, maari ninyong tawagan ang inyong plano ng kalusugan, ang inyong pinaglilingkuran, o ang opisina ng county human services.

Pagdating ninyo sa isang transplant center, hilingin ang inyong transplant coordinator na humanap ng taong makakatulong sa inyo sa mga bagay ukol sa seguro at pera. Maari din kayong tumawag at magtanong sa Office of Patient Advocacy ng NMDP. Sa Estados Unidos, tumawag nang walang bayad sa 1 (888) 999-6743. Sa labas ng Estados Unidos, tumawag sa (612) 627-8140.

Maghanap ng Isang Stem Cell Donor

Q: Paano ako hahanap ng isang katugmang donor?

A: Mahalaga ang mahusay na katugmang donor sa tagumpay ng inyong transplant. Upang humanap ng katugmang donor, kumukuha ng dugo ang mga doktor upang suriin

ang inyong human leukocyte antigens (HLA). Ang mga HLA antigens ay mga protina na nakikita sa halos lahat ng sélulá sa inyong katawan. Ginagamit ng inyong immune system ang HLA antigens upang malaman kung aling mga sélulá ang bahagi ng inyong katawan at kung alin ang hindi. Naghahanap ang mga doktor ng isang donor na katugma ng inyong HLA antigens. Nagsusuri ang mga Transplant centers para sa anim man lamang na mga antigens.

Dahil minamana ang mga HLA antigens, maaring ang pinakamalapit na tugma ninyo ay isang tao mula sa inyong pamilya. Ngunit 70% ng mga pasyente ay walang katugmang donor mula sa kanilang pamilya. Kung wala kayong kamag-anak na donor, maaring humanap ng hindi kamag-anak na donor ang inyong doktor sa Talaan ng NMDP. Naglalaman ang Talaan ng NMDP ng higit pa sa limang milyong kusang-loob na mga donor at higit pa sa 28,000 umbilical cord blood units.

Kahit napakarami ang mga posibleng donor, hindi lahat ng tao ay nakakahanap ng katugmang-katugma. Nakakahanap ang ilang pasyente ng magandang tugma makalipas ang ilang linggo o ilang buwan. Ang iba naman ay inaabot ng ilang taon upang makahanap ng donor, at ang ilan ay hinding-hindi nakakahanap ng katugma.

Kung walang mahanap na katugmang-katugma para sa inyo, maaring gustong gumawa ng hindi katugmang donor transplant ang inyong doktor. Magpapasiya ang inyong doktor tungkol dito batay sa inyong edad, inyong sakit, at kung gaano ninyo kabilis kailangan ng transplant. Iba-iba ang mga patakaran ng transplant centers tungkol sa pinapayagan nilang laki ng hindi pagkatugma. Pinapayagan ng mga NMDP na pamantayan ang marrow o peripheral blood stem cell (PBSC) transplants kung magkatugma ang lima sa anim na HLA antigens. Pinapayagan naman ang cord blood transplants kung magkatugma ang apat sa anim.

Q: Dapat ko bang ipa-test ang mga miyembro ng aking pamilya at mga kaibigan?

A: Upang humanap ng katugma, tinitingnan ng mga doktor ang mga HLA antigens sa inyong mga sélulá. (Tingan ang *Paano ako hahanap ng isang katugmang donor?* sa itaas para malaman kung ano ang mga HLA antigens.) Ang kalahati ng inyong mga HLA antigens ay minamana ninyo mula sa inyong ina, at ang kalahati mula sa inyong ama. Sa gayon, ang bawat kapatid na lalaki at babae na galing sa parehong magulang ninyo ay may 25% posibilidad na makatugma kayo. Malamang na malamang na hindi ninyo katugma ang iba pang mga kasapi ng pamilya. Malamang din na hindi ninyo katugma ang isang kaibigan o kapitbahay. Masasabi sa inyo ng inyong doktor kung sino ang dapat magpasuri at kung paano magagawa ito.

Kung ang inyong mga kaibigan at mga kapamilya ay gustong maging mga donor para sa kahit sino, hindi lamang para sa inyo, maari silang maisali sa Talaan ng NMDP. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1 (800) 654-1247.

Q: Kanino ako makikipag-alam upang malaman kung ano na ang nangyayari sa

aking paghanap ng donor?

A: Makipag-alam sa inyong transplant center coordinator o doktor. Bibigyan nila kayo ng pinakabagong impormasyon tungkol sa paghanap ng donor para sa inyo. Maari kayong tumawag sa Office of Patient Advocacy (OPA) ng NMDP kung mayroon kayong mga pangkalahatang tanong tungkol sa proseso ng paghanap ng hindi kamag-anak na donor. Sa Estados Unidos, tumawag sa walang bayad na numero ng OPA sa 1 (888) 999-6743. Sa labas ng Estados Unidos, tumawag sa (612) 627-8140. Ang OPA ay may mga tagasalin sa ibang wika sa mga numero na ito.

Q: Makikilala ko ba ang aking donor kahit kailanman?

A: Hindi ninyo malalaman kung sino ang inyong donor sa panahon ng pagsasagawa ng inyong transplant. Sumusunod ang NMDP sa mahihigpit na pamantayan ukol sa kalihiman upang protektahan ang pagka-pribado ninyo at ng inyong donor. Ayon sa mga pamantayang ito, hindi ninyo at ng inyong donor maaring malaman ang mga pangalan ng isa't isa sa unang taon *man lamang* pagkatapos ng inyong transplant. May mga sentro na hindang hindi pumapayag na malaman ninyo at ng inyong donor ang mga pangalan ng isa't isa.

Pagkatapos ng inyong transplant, maaring tumulong ang NMDP sa inyo at sa inyong donor na makipagkomunikasyon sa isa't isa nang hindi nalalaman ang mga pangalan ng isa't isa. Halimbawa, maari kayong makapagpadala ng mga kard at mga sulat sa pamamagitan ng transplant center at mga donor center coordinators. Susuriin nila ang mga sulat upang siguruhin na walang ibinabahaging mga detalye na kumikilala sa inyo. Nag-iiba-iba ang mga patakaran na ito para sa bawat sentro. Sa ilang sentro, hindi man kayo at ang inyong donor pinapayagan na magkaroon ng anumang klaseng kontak.

Pagkatapos ng isang taon, maraming mga sentro ang pumapayag na makita ninyo ang inyong donor kung kayo at ang inyong donor ay parehong lumagda ng mga release forms (pormularyo ng pagpapalaya). May ilang sentro na hindi pumapayag sa kahit anumang kontak ninyo sa inyong donor kahit kailanman.

Humingi ng Tulong

Q: Paano makakatulong sa akin ang Office of Patient Advocacy ng NMDP?

A: Ang National Marrow Donor Program's Office of Patient Advocacy (OPA) ay libreng mapagkukunan ng impormasyon para sa inyo at sa inyong pamilya. Maaring makatulong ang OPA sa inyo na:

- Maunawaan ang proseso ng paghahanap ng donor at hindi kamag-anak na donor stem cell transplant
- Sagutin ang mga katanungan tungkol sa saklaw ng inyong seguro sa kalusugan at mga gastos para sa transplant
- Humanap ng transplant center na tumutupad sa mga pangangailangan ng inyong paggamot

Walang bayad ang mga serbisyo mula sa OPA. Maari kayong makipag-alam sa OPA mula Lunes hanggang Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng hapon, Central time.

Tumawag sa OPA

- Kapag nasa Estados Unidos, tumawag sa 1 (888) 999-6743. Ang tawag na ito ay libre sa Estados Unidos.
- Sa labas ng Estados Unidos, tumawag sa (612) 627-8140. Maaring may bayad na long-distance o international para sa tawag na ito.

May mga Tagasalin sa Ibang Wika

Kung kailangan ninyo ng impormasyon sa ibang wika, makakatulong ang OPA. Kailangang sabihin ninyo sa amin – sa Ingles – kung aling wika ang sinasalita ninyo. Aabutin ng mga apat hanggang walong minutos upang makasali sa tawag sa telepono ang isang tagasalin. Sandali lang po.